Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

11 Marso 2018 | Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma | Taon B

Ang Kahalagahan ng Ating Kaligtasan

Sa ating paglalakbay ngayong panahon ng Kuwaresma, at sa harap ng nalalapit na madulang Mahal na Araw, inaakay tayong magtuon ng pansin sa pinakadiwa ng lahat ng ito: ang mahabaging pagmamahal ng Diyos sa lahat ng tao. Walang hanggan ang Kanyang pagmamahal sa atin. Ito'y matiyaga at matalino, mabait at matibay, maparaan at di nagbabago. Ito'y pinatutunayan kay Hesukristo, na Diyos at Taong nagbuwis ng kanyang buhay upang bawat tao'y magkaroon ng ganap na buhay.

Banal ang ating buhay kailanma't bukas ang ating mga puso sa kanya sa pananampalataya at tinutulutan siyang puspusin tayo ng liwanag ng kanyang presensiya't grasya. Ito ang ginagawa natin ngayon sa pagsisimula natin sa pagdiriwang ng Eukaristiya nang may pananalig, pag-asa, at pagmamahal, at pagsusumamo sa habag ng Diyos sa sangkatauhan.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lunsod ng kapayapaan, magalak tayo't magdiwang. Noo'y mga nalulumbay, ngayo'y may kasaganaan sa tuwa at kasiyahan.

Pagbati

***P*–** Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo ay sumainyo.
***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–** Upang ihanda ang ating sarili para sa pinasiglang pagdiriwang ng mga banal na misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin ang habag ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

***P*–** Para sa mga pagkakataong nagkulang kaming pahalagahan ang iyong pagmamahal sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Para sa mga pagkakataong nagpadala kami sa kabuktutan ng aming kapusukan sa halip ng sa maningning mong halimbawa, Kristo, kaawaan mo kami!
***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*–** Para sa mga pagkakataong tinugon namin ang iyong pagmamahal ng kawalan ng utang na loob at ibayong pagkakasala, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Panalanging Pambungad

***P*–** Ama naming makapangyarihan, ikaw ay nakikipagkasundo sa sangkatauhan sa pamamagitan ng iyong Salita. Sa masigasig na pagsamba at matibay na pagsampalataya, ang sambayanang Kristiyano ay makadulog nawang masaya sa pagdiriwang ng dakilang kapistahan ng Pagkabuhay, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *2 Cro 36:14-16.19-23*

Patuloy tayong minamahal ng Diyos kahit na tayo'y maligaw ng landas. Nananatili Siyang tapat sa Kanyang mga pangako kahit na tayo'y makalimot sa ganang atin. Gayon ang pangunahing mensahe ng teolohikong pagbasa ng kasaysayan ng Israel.

***L*–** Pagpapahayag mula sa Ikalawang Aklat ng mga Cronica

Noong mga araw na iyon: Sumama nang sumama ang mga pinuno ng Juda, ang mga saserdote at ang mamamayan. Nakigaya sila sa nakaririmarim na gawain ng ibang bansa. Pati bahay ng Panginoon na itinalaga niya sa Jerusalem ay kanilang itinakwil.

Gayunman, dahil sa habag ng Panginoon sa kanila at sa pagma-

malasakit sa kanyang Templo, lagi niyang pinadadalhan sila ng mga sugo. Ngunit hinahamak lamang nila ang mga ito at ang mga propeta at pinagtatawanan sa anumang sabihin. Kaya, umabot na sa sukdulan ang poot ng Panginoon. Sinunog ng mga kalaban nila ang bahay ng Panginoon, winasak ang muog ng Jerusalem at ang malalaking gusali. Ang mahahalagang ari-arian doon ay tinupok din, anupa't ang lahat ay iniwan nilang wasak. Ang naligtas sa patalim ay dinala nilang bihag sa Babilonia. Doo'y inalipin sila ng hari at ng kanyang mga anak hanggang ang Babilonia'y masakop ng Persia. Sa gayon natupad ang hula ni Jeremias na ang lupai'y nakapamahinga sa loob ng pitumpung taong singkad.

Upang matupad ang salita niyang ito sa pamamagitan ni Jeremias, pinukaw ng Panginoon ang kalooban ni Ciro, hari ng Persia, noong unang taon ng kanyang paghahari. Nagpalabas ang haring ito ng isang pahayag sa buong kaharian na ganito ang isinasaad: "Ito ang pahayag ng Haring Ciro ng Persia: 'Ipinaubaya sa akin ng Panginoon, Diyos ng Kalangitan, ang lahat ng kaharian sa daigdig at inutusan niya akong magtayo para sa kanya ng templo sa Jerusalem ng Juda. Kaya, ang sinuman sa inyo na kabilang sa kanyang bayan ay pinahihintulutan kong pumunta sa Jerusalem. Samahan nawa siya ng Panginoon, ang kanyang Diyos.'"

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 136*

B* –*Kung ika'y aking limutin, wala na 'kong aawitin!

R. M. Velez



*** Sa pampang ng mga ilog nitong bansang Babilonia, kami roo'y nakaupong tumatangis, sa tuwinang ang iniwan naming Sion ay aming maalaala. Sa sanga ng mga kahoy, sa tabi ng ilog nila, isinabit namin doon, yaong dala naming lira.** ***B.***

*** Sa amin ay iniutos ng sa amin ay lumupig, na aliwin namin sila, ng matamis naming tinig, tungkol sa Sion, yaong paksa, niyong nais nilang awit.** ***B.***

*** Pa'no namin aawitin, ang awit ng Panginoon, samantalang bihag kaming nangingibang-bayan noon? Ayaw ko nang ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin, kung ang bunga sa pagtugtog, limutin ang Jerusalem.** ***B.***

*** Di na ako aawit pa, kung ang lundong sasapitin sa isip ko't alaala, ika'y ganap na limutin, kung ang kaligayahan mo ay hindi ko hahangarin.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *Ef 2:4-10*

Una sa lahat ang ating kaligtasan para sa Diyos. Bunga ito ng Kanyang mahabaging pagmamahal na napapasaatin kapag nananalig tayo sa Kanya.

***L* –** Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid:

Napakasagana ang habag ng Diyos at napakadakila ang pag-ibig na iniukol niya sa atin. Tayo'y binuhay niya kay Kristo kahit noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob. Dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo Hesus, tayo'y muling binuhay na kasama niya at pinaupong kasama niya sa kalangitan. Ginawa niya ito upang sa darating na mga panahon ay maipakita niya ang di-masukat na kasaganaan ng kanyang kagandahang-loob sa atin sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Kristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo.

Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

Tayo'y kanyang nilalang, nilikha sa pamamagitan ni Kristo Hesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti, na itinalaga na ng Diyos para sa atin noon pa mang una.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita *(Jn 3:16)*

B* –*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Pag-ibig sa sanlibutan ng D'yos ay gayon na lamang, kanyang Anak ibinigay, upang mabuhay kailanman ang nananalig na tunay.
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita *Jn 3:14-21*

Una tayong minahal ng Diyos. Minahal Niya tayo nang gayon na lamang at ipinagkaloob pa Niya ang bugtong Niyang Anak sa mga taong nagkakasala sa Kanya. Wala nang hihigit pang pag-ibig kaysa rito.

***P* –** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus kay Nicodemo, "Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas doon sa ilang, gayon din naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao, upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.

Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa kanya.

Hinatulan sila sapagkat naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag, sapagkat masama ang kanilang mga gawa. Ang gumagawa ng masama ay ayaw sa ilaw, at hindi lumalapit dito upang hindi mahayag ang kanyang mga gawa. Ngunit ang namumuhay sa katotohanan ay lumalapit sa ilaw; sa gayon, nahahayag na ang kanyang mga ginagawa'y pagsunod sa Diyos."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay

Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Ang tapat at walang maliw na pagmamahal sa atin ng Diyos ay siyang bukal ng ating pag-asa. Nananalig sa Kanyang mahabaging pagmamahal, manalangin tayo:

***B–*Panginoon, panibaguhin Mo kami!**

* Para sa Simbahang Panlahat at lahat ng taong may mabuting kalooban: Nawa lagi silang maging maagap sa pagtugon sa panawagan para sa pagbabalikloob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng ating mga pinunong espirituwal, na mga propeta ng Diyos sa ating paligid: Nawa dinggin ng lahat ng Kristiyano ang kanilang panawagan para sa lalo pang dakilang katapatan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng magulang at mga guro: Nawa magtagumpay sila sa pamamatnubay sa kanilang mga anak at estudyante para pahalagahan ang pagmamahal ng Diyos at tugunan ito ng katapatan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng nasasalabid sa gusot ng kanilang masasamang ugali: Nawa makatagpo sila sa halimbawa ng mga santo ng kailangan nilang pampasiglang magpapakalag sa anumang nakapipigil sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga maysakit, walang tirahan, at walang hanapbuhay: Nawa ang pakikiisa ng Kristiyanong pamayanan ay maging, para sa kanila, isang kasangkapan ng dakilang kalinga ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Diyos ng kabanalan at habag, salamat sa Iyong mahabaging pagmamahal. Panatilihin Mo kaming tapat sa aming mga pangako at gawin Mo kaming mga kasangkapan ng Iyong mapagligtas na pagmamahal sa aming kapwa, sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
***B –*Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
***B –* Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, para sa paghahaing nagbibigay-kagalingan, kami ngayon ay masayang nagsisipag-alay, kalakip ang dalanging amin nawang maidangal ang pagdiriwang na ito ng banal na pakikinabang at maidulot nawa ito para sa kaligtasan ng tanan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B –*Amen!**

Prepasyo ng Kuwaresma I

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Binibigyan mo kami ng bagong pagkakataon upang ganapin ang paghahanda ngayon para sa pagdiriwang ng muling pagkabuhay. Kaisa ng iyong Anak na minamahal, aming inilalaan ang panahon, talino't yaman para ganapin ang iyong kalooban na ang kapwa tao ay lubos na damayan. Sa pagdiriwang namin sa aming pagsilang bilang mga kaanib ng iyong sambayanan, kami'y iyong pinagkakamit ng katayuang ganap sa pagtatangkilik.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B –* Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B –*Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B –* Ama namin . . .**
P – Hinihiling namin . . .
***B –* Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B –*Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Panginoong Hesus, ang nagbuwis ng kanyang buhay para sa ating kaligtasan. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B –* Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lunsod ng kapayapaan, may pagkakaisang tunay, ahunan ng tanang angkan upang sambahin ang ngalan ng Panginoong Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal,

tinatanglawan mo ang lahat ng tao na isinisilang sa daigdig na ito. Sa kaloob mong liwanag tanglawan mo ang aming kalooban upang ang dapat naming isaloob na iyong ikinalulugod ay lagi naming isaisip at ikaw ay aming wagas na maibig, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
Panginoon, lingapin mo ang iyong mga anak, iligtas sila sa lahat ng panganib, at patnubayan sila sa buhay na walang hanggan!
***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

Ang inyong kasa-kasama sa pagdarasal

Ang Aking Munting Dasalan



Mabibili sa
Word & Life Center sa Makati,
mga *religious bookstore,*
at National Book Store.

Sinugong Maghatid ng Buhay at Liwanag

Noong 1875, sa *Turin, Italia*, nang maraming konggregasyong relihiyoso ang binuwag, si **Don Bosco**, ang nagtatag sa mga Salesiano, ay nagpadala ng sampung misyonero sa *Argentina*. Tungkulin nila'y mag-alaga sa libu-libong mahihirap na mga dayuhan sa *Buenos Aires* at mangaral sa mga tribu ng *"Araucanos,"* na naninirahan sa tigang na lupain ng pinakatimog na bahagi ng *Argentina*, na kilala sa tawag na *"Patagonia"* at *"Tierra del Fuego."*

Ang gayong misyonerong ekspedisyon ay bunga ng isang napakahalagang "propetikong panaginip" ni Don Bosco apat na taon nang nakararaan. Nakita niya sa gayong panaginip ang isang pangkat ng mga misyonerong sarili pala niyang mga *Salesiano,* na nagpasampalataya sa mga tribu ng malalaking mandirigma na nasangkot sa pagpaslang sa ibang mga misyonero.

Sa paniwalang ginaganyak siya ng Panginoong magpadala ng mga misyonero sa Timog Amerika, si Don Bosco ay pumili ng sampu sa kanyang pinakamahuhusay na tao para ipadala sa bahaging iyon ng daigdig, alang-alang sa ikatutupad ng pangitain ng panaginip. Sa kabila ng malaking sakripisyo, ang matatapang na misyonero ay nagsikap maghatid ng liwanag ng pananampalatayang Katoliko sa milyun-milyong hanggang noo'y napapabayaan ng lahat.

Ilang libong taon bago nito, masahol pa ang kalagayan ng sangkatauhan higit pa sa natagpuan ng mga misyonerong *Salesiano* sa *Buenos Aires* at *Patagonia.* Marami ang namuhay sa kadiliman ng paganismo at pang-aalipin ng mga pamahiin at bisyo, pagsamba sa "mga gawa ng kanilang mga kamay," at pananakit sa isa't isa sa pamamagitan ng mga pakikipag-away at pang-aapi.

Tinangka ng Diyos na sila'y paalalahanan, ngunit walang nangyari. Sa wakas, pagkatapos ng maraming pagkabigo, ***sinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak sa daigdig upang "sinumang maniwala sa kanya'y magtamo ng buhay na walang hanggan."*** *(Sangguniin t. 16 ng Ebanghelyo ngayon.)*

Ang pagdating ng Anak ng Diyos sa lupa ay di naman isang "ekspedisyong magparusa" kundi isang "misyong magligtas" na bunga ng pagmamahal at nakalaang maghatid ng liwanag at buhay ng salita ng Diyos sa mundong lugmok sa kadiliman ng pagkakasala.

Hatid ni Hesus ang ganitong mga kayamanan **hindi bilang pabigat kundi bilang dulot na udyok ng pagmamahal at para tanggapin nang buong pagmamahal, laya, at pakumbabang pananampalataya.** Malaki ang naitulong ng gayong dulot sa kapalaran ng bawat tao at sangkatauhan.

Ang gayong handog ay malaking bagay para kay Hesus. Alam niyang ang kanyang buhay bilang "Misyonero ng Ama" ay tatampukan ng mga trahedya at pagdurusa hanggang kamatayan, pagkat "inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag" *(Jn 3:19)*. ***Gayunman, ang Ama at Anak ay nagpatuloy sa kanilang "planong pangkaligtasan" pagkat ang pagmamahal ng Diyos ay higit na matibay sa ating kahinaan at sa ating kasamaan.*** Buhat sa gayong pagmamahal natin tinatanggap ang mga kaloob na buhay at liwanag na totoong kailangan natin.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua